

Mga Disyertong Digital ng San Francisco: Kung paanong ang San Francisco Chinatown at iba pang mga kapitbahayan ay napag-iiwanan sa pamamahaging digital

Ang daan sa mabilis at maaasahang broadband internet ay higit ang kahalagahan sa hanapbuhay, edukasyon, komunidad, at pagpapatuloy ng mga lokal na ekonomiya. Kung walang matatag, mabilis, at abot-kayang internet, maraming indibidwal ang mahaharap sa mga hadlang sa pagtatrabaho mula sa bahay, pagdalo sa mga klase, pagkumpleto ng gawaing-pangkurso, at pagkuha ng mga birtuwal na usapan sa pangangalagang pangkalusugan. Mawawalan din ng pag-unlad na pangkabuhayan ang maliliit na negosyo. Sa kasamaang-palad, sa San Francisco, ang powerhouse sa teknolohiya ng bansa, ang napakahalagang tagapagdulot na ito ay hindi maaaring magamit ng lahat -- hindi ibinibilang sa mundong-digital ang karamihan sa maliliit ang sahod at limitado ang kakayahan sa wikang Ingles (LEP) na mga kulayang-komunidad.

Ang Chinese for Affirmative Action (CAA) ay nagsagawa ng pagsasaliksik upang mas maintindihan ang saklaw at lawak ng hindi pagkakapantay-pantay sa Chinatown at ibang mga kulayang-komunidad sa San Francisco. Gumagamit kami ng maraming paraan sa aming imbestigasyon: isang pagsusuri ng pederal, pang-estado, at mga lokal na patakaran; mga panayam sa mga opisyal ng pamahalaan; mga panayam sa dose-dosenang residente ng komunidad, mga pinuno at kasamahan, mga pag-aaral sa mga kaso ng internet access points; at pagsusuri sa halaga at bilis ng internet para sa 105 na sapalarang-piniling tirahan at negosyo na kumakatawan sa lahat ng 11 distrito na nasa pangangasiwa ng San Francisco. Ang aming mga napag-alaman ay hindi nakakagulat, kundi nagpapakita lamang ng trabahong dapat gawin ng mga taggagawa ng desisyon sa San Francisco upang masarhan ang puwang na digital.

Mga Napag-Alaman

Buong Lungsod:

- Para sa AT&T, isa sa pinakamalaking tagapagdulot ng serbisyong internet sa San Francisco, ang mga address sa mga kapitbahayang maraming mahihirap ay nakakakuha ng mas kaunting access sa mga planong may 100 Mbps o mas mabilis na speed, kumpara sa mga kapitbahayan na mas kaunti ang mahihirap. Ito ay nangangahulugan na ang mas mabagal na mga plano sa kapitbahayang maraming mahihirap ay nagkakahalaga ng halos katulad sa mabibilis na plano sa mga kapitbahayang mas kaunti ang mahihirap. Ang mga kapitbahayan na na mas marami ang mahihirap ay nakakakuha ng mas kaunti para sa katulad na presyo.

Kahandaan:

- Halos kalahati ng mga sambahayan sa Chinatown (44%) ay walang subskripsyon sa internet broadband, at ang mga residente at maliliit na negosyo na mayroon, ay nagsasabi na mabagal at hindi maaasahan ang internet sa kanilang komunidad.
- Ang mabilis na internet ay hindi makukuha ng marami. Sa siyam na tagapamahagi ng broadband internet sa komunidad, isa lamang ang nag-aalok ng mabilis na cable (Comcast). Bagaman dalawang ISP ang nag-aalok ng fiber, kakaunti lamang ang saklaw, kung mayroon man.

Halaga:

- Ayon sa survey ng Kai Ming Head Start sa 71 magulang sa Chinatown, nagpapakita na 29 (40.8%) ng mga pamilya ang nakakaranas ng hirap sa kakayahang makapagbayad sa serbisyo ng internet.
- Ang karamihan ng maliit ang kita na mga pasyente ng North East Medical Services ay hindi kayang magbayad sa mga presyo ng internet kahit pa may \$30 na buwanang kredito ng Affordable Connectivity Program (ACP). Ang ACP ay isang maikling termino na programang-pederal upang gawing mas abot-kaya ang serbisyong internet sa mga sambahayan na maliit ang kita.
- Ang mas mabilis na mga plano ay madalas na may panimulang diskwento, kung saan ang mga presyo ay tumataas makaraan ang isang taon. Para sa mga residente ng Chinatown na maliit ang kita, na umaasa ng internet access sa pag-aaral, pagtatrabaho, at pangangalagang- pangkalusugan, mapagsamantala ang mga ganitong gawain.
- Ang aming pag-aaral sa kaso ng ipinamamahaging internet plans sa dalawang addresses, isa sa Chinatown at isa sa North Beach, ay nagpapakita na ang mga residente sa North Beach address ay napagkakalooban ng pinakamataas na internet access, na anim na beses ang taas, sa pinakamabilis na speeds na ipinagkakaloob sa mga residente sa Chinatown address sa kaparehong halaga, kahit na 0.4 milya o limang bloke lamang ang layo nila sa isa't isa.

Bilis at Kahusayan:

- Ayon sa mga residente ng Chinatown na may internet access, mabagal at hindi maaasahan ang serbisyo, kaya nahihirapan silang gumamit ng Zoom at ibang videoconference o streaming platforms. Ang mababagal na speeds ay laganap lalo na sa mga single room occupancy residences (SROs) na dumaragdag sa hirap nilang makapagtrabaho sa bahay o makadalo sa virtual classes. Halimbawa, ang

mga bata ay nahihirapang magtuon ng atensyon, dahil sa pagtigil o pagkabalang, sa kanilang mga pagtuturo.

- Para sa isang kliyente ng CAA sa Chinatown, ang AT&T ay nagkakahalaga ng \$60 kada buwan. Ang mataas na presyo ng internet ay malaking hadlang sa mga pamilya sa Chinatown, kung saan 33% ay namumuhay ng sa kahirapan. Sa kabila ng kamahalan ng presyo, nagreklamo ang mga residente na ang internet ay "masyadong mabagal at paputul-putol". Ayon pa sa isang residente, minsan ay inaabot ng 30 minuto ang pagpapadala lamang ng tatlong litrato.
- Ang mabagal na internet ay nangangahulugan na nawawalan ng kakayahan ang mga negosyo sa Chinatown na tumanggap ng cashless payments, na makakatulong sana sa kanila upang lalong lumaki ang kita at lumago ang negosyo. Ayon sa isang pinuno ng komunidad sa Chinatown na may ugnayan sa mga lokal na negosyo: "Ang isa sa mga dahilan kung bakit cash lamang ang tinatanggap ng mga kainan ay dahil sa masyadong mabagal ang credit card machines dulot ng hindi maayos na serbisyo ng internet na nagbubunga ng paghina ng kita ng mga negosyo."
- Alinsunod sa pederal na Indicators of Broadband Need dataset, ang median na nakatalang speed ng Chinatown noong 2021 ay 59 Mbps download at 10 Mbps upload na masyadong mababa sa rekomendasyong iminungkahi na bilis ng broadband na 100 Mbps download at 25 Mbps upload mula sa Federal Communications Commission (FCC).

Madaling Pagkuha:

- Ang pagkuha ng serbisyo ng internet, kabilang ang may diskwentong mga plano sa internet para sa mga sambahayang maliit ang kita, ay isang hamon sa mga komunidad ng LEP dahil sa kawalan ng internet access, suporta sa wika, at pakikipag-ugnayan.
- Ang mga huling estadistika ay nagpapakita na 47% ng mga sambahayan sa Chinatown ay walang desktop o laptop computer.
- Kapag nakakaranas ng mga problema o pagkaputol ng serbisyo ang mga residente at negosyo, hindi sila nakakakuha ng napapanahon at sapat na suportang teknikal sa kanilang wika. Ayon sa aming pakikipag-usap, ang AT&T at Comcast ay walang sapat na suporta sa customer at suportang teknikal sa Cantonese, ang pangunahing wika ng mga residente sa Chinatown.
- Sa Chinatown, ang mga kahilingan sa serbisyo ng internet ay maaaring abutin ng tatlong buwan bago maaksyunan.
- Ang mga tagapagdulot ng serbisyo ng internet ay nag-aalok ng mga abot-kayang mga pakete (promo) ng internet, tulad ng Internet Essentials plan ng Comcast, subalit ito ay isang nakakapagod na proseso na nangangailangan ng kasanayang digital at Ingles paramakapagpatala. Ang pananaliksik ay nagpapakita na ang mga ipinag-uutos ng pamahalaan na mga plano sa internet na idinisenyo para sa mga pamilyang maliit ang kita tulad ng Internet Essentials plan ng Comcast ay

masyadong mabagal para asahan at nangangailangan ng karunungan sa digital at wikang Ingles para mag sign-up.

Mapipili:

- May tatlong opsyon lamang para sa mabilis na internet cable at fiber sa Chinatown: Comcast, Sonic, at Wave. Gayunman, ang fiber ay birtuwal na wala, na nangangahulugan na may isa na lamang opsyon ang mga residente para sa mabilis na internet. Ang kawalan ng pagpipilian ang nagtutulak sa matataas na presyo ng serbisyo para sa mga residente ng Chinatown.

Ang kawalan ng de-kalidad, maaasahan, at abot-kayang internet sa Chinatown ay isang halimbawa kung paanong ang mga desisyon sa patakaran, kawalan ng pinupuntiryang mga namumuhunan, at kapabayaang sa lipunan ay maaaring humantong sa mga disyerto sa internet, lalo na sa mga kulayang-komunidad at walang buong access sa wika. Bilang resulta ng mahinang access sa maaasahang internet, ang mga bata ay napag-iwanan sa pag-aaral; ang mga pamilya ay hindi makakonekta online sa mahahalagang serbisyo, mga karera, at oportunidad sa hanapbuhay; ang mga nakatatanda ay nananatiling nakawalay; ang mga negosyo ay nawawalan ng tubo; at sa kabuuan; ang mga komunidad ay hindi nagkakaroon ng mobilidad na pangkabuhayan. Hinihimok namin ang lungsod na:

1. Palawigin ang Fiber to Housing Program ng San Francisco at magkaloob ng libre at mabilis na fiber internet sa lahat ng kapitbahayan na maliit ang kita, sa pamamagitan ng maigting na pagtulong ng komunidad.

2. Bigyan ng pananagutan ang mga ISP na naglilingkod sa mga residente ng San Francisco upang magkaloob ng mura at de-kalidad na internet access sa pamamagitan ng pag-aatas sa lahat ng ISP na:

- a. Maglathala ng garantisadong pinakamababang mga speed.
- b. Magkaloob ng impormasyon tungkol sa presyo, kabilang ang mga pagtaas, mga diskwentong limitado ang panahon, at mga plano sa maliit ang kita, sa wika na madaling maintindihan.
- c. Magkaloob ng suporta sa customer at suportang teknikal, gamit ang 10 pangunahing wika na madalas gamitin sa lungsod, alinsunod sa pinakahuling datos ng Census.

3. Ilathala ang Digital Equity Scorecard bago lumipas ang Hulyo 1, 2024, at ipangako ang taunang pagtitipon at pag-uulat ng mga datos.

Tungkol sa CAA

Ang Chinese for Affirmative Action (CAA) ay itinatag noong taong 1969 upang protektahan ang mga sibil at pampulitikang karapatan ng mga Tsino-Amerikano, at upang isulong ang demokrasya sa maraming lahi sa Estados Unidos. Ngayon, ang CAA ay isa nang progresibong boses sa, at sa ngalan ng, mas malawak na komunidad ng Asyano-Amerikano at Taga-Isla Pasipiko. Kami ay nagtataguyod para sa sistemikong pagbabago na nangangalaga sa mga karapatan ng imigrante, nagsusulong ng pagkakaiba-iba ng wika, at gumagawa ng remedyo sa kawalan ng hustisya kaugnay ng lahi at lipunan.